SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

# SALOOBIN SA PAGBASA AT AKADEMIKONG PAGGANAP UKOL SA FILIPINO BILANG PANGALAWANG WIKA

**Daisy D. Hernandez**
*Master of Arts in Teaching Filipino, Rizal Memorial Colleges, Inc.*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang ugnayan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika. Gumamit ang mananaliksik ng kuwantitatibo at di-eksperimental na disenyo sa pamamagitan ng deskriptib-korelesyon na metodo. Ang mga kalahok ay binubuo ng mga mag-aaral ng ika-7 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Davao, Cluster 1, para sa Taong Panuruan 2023–2024, na pinili gamit ang simple random sampling. Gumamit ng talatanungan ang mananaliksik upang makalap ang mga kinakailangang datos ukol sa saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay may positibong saloobin sa pagbasa, na malinaw sa kanilang interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa. Ang tatlong pangunahing indikeytor na ito ay may makabuluhang impluwensiya sa kanilang akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika. Sa apat na kasanayang pangwika, mataas ang antas ng pakikinig at pagsasalita, samantalang ang pagbasa at pagsulat ay nasa katamtamang antas, na nangangailangan ng karagdagang suporta at estratehiya upang higit pang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral. Natuklasan na may makabuluhang ugnayan ang saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika.*

**MGA SUSING SALITA***: Saloobin sa pagbasa, akademikong pagganap, Filipino bilang pangalawang wika, Lungsod ng Davao, Rehiyon XI*

## I. PANIMULA

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumusuri sa ugnayan ng saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa at ng kanilang akademikong pagganap, partikular sa konteksto ng pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika. Ang saloobin sa pagbasa na tinutukoy bilang pandamdaming kalooban, pagpapahalaga, at mga nakagawian ng mga mag-aaral kaugnay ng pagbasa ay napatunayang nakaaapekto sa paglahok sa pagbasa at resulta ng pagkatuto sa iba't ibang asignatura. Kadalasang nauugnay ang positibong saloobin sa pagbasa sa mas mataas na kakayahan sa pagbasa, na sa kalaunan ay sumusuporta sa tagumpay sa mga pang-akademikong gawain; samantalang ang negatibong saloobin ay maaaring makahadlang sa motibasyon at pagganap. Maraming pag-aaral ang nag-uugnay sa saloobin sa pagbasa at akademikong kinalabasan, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na nagpapahalaga at nasisiyahang magbasa ay mas matagumpay sa mga gawaing pang-akademiko kung ihambing sa mga hindi. Halimbawa, isang konseptong natuklasan Pilipinas ay tumukoy sa saloobin sa pagbasa bilang pangunahing tagapamagitan sa motibasyon at akademikong pagganap sa asignaturang Filipino (Caparos & Napil, 2024). Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay kapaki-pakinabang sa mga guro, tagapagdisenyo ng kurikulum, tagapangasiwa ng paaralan, at mga gumagawa ng patakaran sa pamamagitan ng pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa ng Filipino bilang pangalawang wika sa kanilang tagumpay sa akademiko, at sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga estratehiya sa pagtuturo na naghihikayat ng positibong gawi sa pagbasa at pagpapahusay sa pagkatuto ng wika.

Sa pandaigdigang antas, ang mga saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap sa konteksto ng pangalawang wika ay patuloy na hamon sa iba't ibang sistema ng edukasyon. Sa Kazakhstan, nabatid na ang positibong ugnayan ng saloobin sa pagbasa at tagumpay sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay malinaw na naganap (Akhmetova et al., 2022). Ang mas malawak na pag-unawa sa pandaigdigang literasi ay nagpapakita na maraming mag-aaral sa sekundarya sa buong mundo ang hindi umaabot sa minimum na kasanayan sa pagbasa, na nagpapakita ng mga pundamental na kahinaan na nakaaapekto sa pagkatuto ng pangalawang wika (OECD, 2019). Bukod dito, ang mga salik ng damdamin gaya ng tiwala sa sariling kakayahan sa pagbasa at saloobin ay maaaring magbago sa konteksto ng kapaligiran sa pagkatuto, tulad ng nakita sa mga mag-aaral sa Chile kung saan sinuri ang saloobin sa pagbasa kaugnay ng sariling kakayahan at kasanayan (Montano & Cancino, 2023). Ang mga pandaigdigang pananaw na ito ay nagpapakita na ang mga salik na may kinalaman sa damdamin sa pagbasa at akademikong pagganap sa konteksto ng pangalawang wika ay nananatiling mahalagang isyu sa edukasyon.

Sa pambansang konteksto ng Pilipinas, ang mga isyu sa pagbasa at pagkatuto ng wika ay may kaugnayan sa saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa ng Filipino bilang pangalawang wika. Ipinababatid ng mga pagsusuri na maraming mag-aaral sa Filipino ang patuloy na

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

nahihirapan sa mga pangunahing kasanayan sa pagbasa, na may kapansin-pansing pagkaantala sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa sa nakalipas na mga taon (Department of Education, 2022). Ipinaaabot din ng mga pag-aaral na mababa ang antas ng pag-unawa sa binabasa at literasi. Ito ay patuloy na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa iba't ibang rehiyon, kaya't nagkakaroon ng pangangailangan para sa tiyak at makabuluhang interbensyon sa pagbasa (Arguido, 2024). Ang mga lokal na pagkilos sa saloobin, interes, at nakagawian sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan ay higit pang nagbigay-diin sa pangangailangan ng kontekstuwalisadong mga kagamitan sa pagtuturo upang mapalakas ang positibong paglahok sa pagbasa. Sinasabing ito ay isang salik na tuwirang nakaaapekto sa resulta ng pagkatuto sa Filipino (Concepcion-Rubas, 2024). Ipinahahayag ng mga hamon na ito na ang saloobin sa pagbasa at akademikong tagumpay ay nananatiling mataas na prayoridad sa edukasyon sa bansa.

Sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Davao, namamasid ng mananaliksik na pinagsisikapan ng paaralan na magkaloob ng sapat na mga babasahin sa mga mag-aaral, pataasin ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagabsa at bigyan ang mga mag-aaral na sapat na pagkakataon na malantad sa mga tekstong Filipino sa akademikong kapaligiran. Iniulat ng mga guro na ang kasiyahan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng Filipino ay kadalasang nakasalalay sa kahalagahan, paglahok, at pagkakaroon ng mga kagamitang angkop sa konteksto. Ang mga lokal na balangkas na ito ay sumasalamin sa mas malawak na mga pambansang kalakaran habang binibigyang-diin din ang mga konteksto gaya ng kultura ng paaralan at kanilang pamilya, gawi ng guro, at sosyolinggwistikong pinagmulan ng mga mag-aaral, na lahat ay nakaaapekto sa saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap.

Sa kabila ng mga naitalang isyung ito, kakaunti ang mga pag-aaral na sabay na sinuri ang mga salik ng saloobin sa pagbasa ng Filipino bilang pangalawang wika at ang tuwirang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa sekundarya at mataas na antas ng edukasyon. Karamihan sa umiiral na pananaliksik ay nakatuon lamang sa kasanayan sa pagbasa o sinusuri ang saloobin nang hiwalay nang hindi ito iniuugnay sa akademikong resulta sa isang kuwantitatibong paraan. Bukod dito, nananatiling may puwang sa pananaliksik sa pag-unawa kung paano gumaganap ang partikular na indikeytor o pantakda ng saloobin tulad ng pagpapahalaga, interes, at damdaming kaugnay sa pagbasa bilang prediktor ng akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika. Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay higit na pinatindi ng patuloy na hamon sa literasi sa pandaigdigang at pambansang konteksto. Ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa mga umiiral nang kaalaman sa pamamagitan ng pagbibigay ng konkretong pananaw para sa pedagohiya ng wika, pagbuo ng kurikulum, at patakaran sa pagtuturo-pagkatuto na nagbibigay-diin sa saloobin ng mambabasa bilang mahalagang sangkap ng mabisang pagtuturo ng pangalawang wika. Hangad din ng pag-aaral na ito na makapag-ambag sa mga mga natipong kagamitang pampagtuturo dahil mula sa kalalabasan ng pag-aaral ay gagawa ang mananaliksik ng isang kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa para sa pagpapatingkad ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral alang-alang sa pag-unlad sa akademikong pagganap ukol sa Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang ugnayan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika. Sa katiyakan, sinagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika sa mga sumusunod na indikeytor:
    1.1. interes sa pagbasa;
    1.2. motibasyon sa pagbasa; at
    1.3. kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto?
2. Ano ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino bilang pangalawang wika?
    2.1. pakikinig
    2.2. pagsasalita;
    2.3. pagbasa; at
    2.4. pagsulat?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika?
4. Aling indikeytor ng saloobin sa pagbasa ang may makabuluhang impluwensiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika?
5. Anong kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa para sa pagpapatingkad ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral ang maaaring idisenyo at ipanukala sa mga kinauukulan?

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng mahahalagang kaalaman hinggil sa ugnayan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika. Mula sa mga natuklasan ng pananaliksik, magkakaroon

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

ng mas malinaw na batayan ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagbuo at pagrerebisa ng mga patakaran, pagpapaunlad ng kurikulum, at programang nakatuon sa pagpapaningas ng kasanayan sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, makikinabang ang mga punong-guro at mga guro sa pag-aaral na ito sapagkat maaari itong magsilbing gabay sa pagdidisenyo ng mga palihan, estratehiya, at kagamitang pampagtuturo na magpapalaganap ng positibong saloobin sa pagbasa at mabisang pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika. Sa ganitong paraan, mapahuhusay ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Makikinabang din ang mga mag-aaral sapagkat matutulungan silang maunawaan ang kahalagahan ng positibong saloobin sa pagbasa bilang mahalagang salik sa kanilang pagkatuto at akademikong tagumpay. Sa pamamagitan nito, mahihikayat silang magkaroon ng mas mataas na interes, motibasyon, at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pangliterasi sa Filipino bilang pangalawang wika.

Sa huli, ang pananaliksik na ito ay magsisilbing mahalagang sanggunian para sa iba pang mananaliksik na nagnanais magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral sa larangan ng pagbasa, literasi, at pagkatuto ng wika, lalo na sa lokal na konteksto ng Filipino bilang pangalawang wika.

## II. PAMAMARAAN

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwantitatibo at di-eksperimental na disenyo gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Ang pinakatuon nito ay tukuyin ang kinakailangang impormasyon na naglalarawan sa tunay na kalagayan, larawan at estado ng isang naobserbahang penomenon batay sa baryabol na pinag-aaralan. Nasasaklaw sa pamaraang ito ang pagsasagawa ng sarbey na siyang pangunahing gawain sa nagsakatuparan ng pananaliksik na ito. Dagdag pa, ang disenyong ito ay tamang disenyong ginagamit sa pagtuklas kung nais alamin ang ugnayan ng dalawang baryabol. Angkop ang disenyong ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil mabisa ito sa pagbuo ng isang pagmamapa sa isang estado o katayuan ng mga baryabol (Fraenkel et al., 2019). Sinusukat ng pag-aaral ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang kanilang akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika gayundin ang makabuluhang ugnayan ng mga ito at ang makabuluhang impluwensiya ng malayang baryabol tungo sa di-malayang baryabol. Sa pag-aaral ding ito, nagdisenyo ang mananaliksik ng kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa para sa pagpapatingkad ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral.

### Ang Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng ika-7 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Davao, Cluster 1, Sangay ng Lungsod ng Davao para sa Taong Panuruan 2023-2024. Ang paaralang ito ay pampublikong paaralang sekundarya na nasa ilalim ng pamamahala ng mga punong-guro katuwang ang mga tagapangulo ng mga yunit pang-akademiko.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang *simple random sampling* sa pagtukoy sa bilang ng mga kalahok ang isinali sa pag-aaral. Sa pamamaraang ito ng sampling, ang bawat miyembro o kasapi ng populasyon ay may tumpak o pantay na pagkakataon na mapili bilang sampol ng pag-aaral. Dagdag pa, ang pamamaraang ito ay ang pinakatuwiran sa lahat ng mga pamamaraan ng *probability sampling*, dahil nagsasangkot lamang ito ng isang random na pagpili at nangangailangan ng kaunting kaalaman tungkol sa populasyon. Dahil gumagamit ito ng *randomization*, ang anumang pananaliksik na ginawa sa *sample* na ito ay dapat na may mataas na internal at eksternal na balidit, at nasa mas mababang panganib para sa mga bias sa pananaliksik tulad ng sampling bias at selection bias (Noor et al., 2022).

### Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang instrumentong nasa anyong tseklist upang matuklasan ang saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika. Ito ay likha ng mananaliksik, salig sa mga narepasong panitikan. Para sa malayang baryabol, may tatlong pantakda ang nasasaklaw nito: (1) interes sa pagbasa, (2) motibasyon sa pagbasa, at (3) kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto. Para naman sa di-malayang baryabol, may apat na pantakda ang nasasaklaw nito: (1) pakikinig, (2) pagsasalita, (3) pagbasa, at (4) pagsulat. Ang bawat bahagi o indikeytor ng mga baryabol ay may tig-lilimang aytem na naglalarawan nito. Masusing pinili at binuo ang mga aytem batay sa mga panitikang kinasasaligan ng pag-aaral.

Ang nasabing instrumento ng pananaliksik ay akmang sinuri ng mga dalubhasa upang matamo ang pagkabalido nito at matugunan ang lahat ng katanungang tinatangkang sagutin ng pag-aaral. Ang mga aytem ay kinuha mula sa mayamang literaturang naging bahagi ng pag-aaral na ito. Ito ay mahusay na binuo ng mananaliksik sa tulong ng kaniyang tagapayo. Ang mga aytem ay ibinatay sa rebyu ng mahahalagang pag-aaral. Pinili lamang ang mga aytem na magbibigay larawan sa pag-aaral pagkatapos ng ilang konsultasyon sa kaniyang tagapayo. Inilimbag ang pangwakas na sipi pagkatapos masuri ng mga dalubhasa upang matukoy ang pagkabalido nito.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

Isinailalim naman sa *pilot testing* ang instrumento sa 30 na mag-aaral sa kalapit na paaralan upang matukoy ang *reliability* ng ginamit na instrumento sa pag-aaral. Natamo ang *Cronbach Alpha* value na (.918) o napakataas na *reliability* para sa unang set ng instrumento (saloobin sa pagbasa) habang *Cronbach Alpha* value na (.893) o mahusay ang natamo ng ikalawang set ng instrumento (akademikong pagganap). Ipinasuri din sa mga dalubhasa ang instrumento upang itatag ang *content validity*.

**Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos**

Ang paglikom ng mga datos ay isang sistematikong proseso ng pagkalap ng mga obserbasyon o sukat. Gumagawa man ang mananaliksik ng pag-aaral para sa alinmang larang, mainam na makakuha ng unang kaalaman at orihinal na pananaw ukol sa tesis na pinag-aaralan. Isinasalaysay sa sumunod na mga talata ang mga isinakatuparang hakbang ng mananaliksik ukol sa pagsasagawa ng paglikom ng mga kinakailangang mga datos.

Unang hakbang na ginawa ng mananaliksik ay humingi ng endoso sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, para sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Davao, upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-ugnayan siya sa punong-guro at sa Puno ng Kagawarang Filipino kung saan ginawa ang pag-aaral. Isinagawa ito upang maihanda ang mga kalahok at maiwasan ang anumang kapinsalaan sa mga opisyal na gawain ng paaralan, ng mga guro at ng mga mag-aaral.

Matapos ang pakikipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan at puno ng Kagawarang Filipino, ipinamahagi ng mananaliksik ang mga instrumento sa mga kalahok at ipinaliwanag ang mga panuto kung paano ito sasagutan at kailan nito ibabalik ang instrumento. Sa paglikom ng mga datos, tiniyak ng mananaliksik na ang mga panuntunang pang-etika ay tinalima at pinag-ukulan ng tamang pagpapahalaga upang mapangalagaan ang kapakanan ng kapuwa mananaliksik at mga kalahok. Ang mananaliksik mismo ang nangasiwa sa pamamahagi ng instrumento kasama ang mga guro ng Filipino.

Ipinaliwanag din sa mga kalahok na ang kanilang paglahok sa pag-aaral ay bukas sa kanilang loob at hindi sapilitan. Kung hangad nilang hindi magpatuloy sa kanilang paglahok sa pag-aaral ay maaari silang tumiwalag sa anumang oras na walang pinsala sa kanilang sarili at propesyunal na kalagayan. Ipinabatid din sa kanila na ang mga datos na malikom ay alang-alang lamang sa akademikong talakayan at pangangailangan at hindi kailanman gagamitin upang pagkakakitaan. Tiniyak din sa kanila na unang ihaharap ang kalalabasan ng pananaliksik sa mga kalahok bilang isa sa makikinabang ng pag-aaral.

Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral ukol sa pag-aaral na saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ukol sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika at sinuri gamit ang angkop na pormula ng estadistika.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ang mga estadistikang ginamit upang suriin ang mga nalikom na mga datos kaugnay sa mga pinag-aaralang mga baryabol:

***Mean***

Sa estadistika, ang *mean* ay isang sukatan ng gitnang pagkahilig ng isang pamamahagi. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mean upang matukoy ang antas ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika, na sinusukat batay sa kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

***Pearsonr***

Ito ay isang sukatan ng *linear* na ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ito ay ang ratio sa pagitan ng *covariance* ng dalawang baryabol at ang produkto ng kanilang mga *standard deviations*; sa gayon, ito ay mahalagang *normalized* na pagsukat ng *covariance*, kung kaya't ang resulta ay palaging may halaga sa pagitan ng −1 at 1. Tulad ng sa *covariance*, ang sukat ay maaari lamang magpakita ng isang *linear* na ugnayan ng mga baryabol. Ang kagamitang pang-estadistikang ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika, na sinusukat batay sa kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat**.**

***Multiple Linear Regression***

Ang kagamitang pang-estadistikang ito ay ginamit upang matukoy ang mga indikeytor ng malayang baryabol na saloobin sa pagbasa na may makabuluhang impluwensiya sa di-malayang baryabol na akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika, na sinusukat batay sa kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

## III. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral ay naipakikita sa mga Talahanayan Bilang 2, 3, 4, at 5. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong mean rating.

**Interes sa Pagbasa**. Batay sa ginamit na eskala, ang kabuoang mean para sa interes sa pagbasa ay 3.64 ay may palarawang katumbas na mataas, na nangangahulugang positibo ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang mga katangian ng mahusay na mambabasa ay madalas na naipakikita at isinasagawa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa, partikular sa mga tekstong Filipino, ay nagsisilbing mahalagang salik sa kanilang aktibong pakikilahok at pagpupunyagi sa mga gawaing pagbasa.

**Talahanayan 2**. **Antas ng Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Ayon sa Interes sa Pagbasa**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | **Nawiwili** akong magbasa ng mga tekstong nakasulat sa Filipino kahit hindi ito ang aking unang wika. | 3.58 | Mataas |
| 2. | **Nagbabasa** ako ng mga babasahing Filipino dahil interesado akong maunawaan ang wika at kahulugan ng mga salita. | 3.80 | Mataas |
| 3. | **Nakikilahok** ako nang mas aktibo sa mga gawain sa klase kapag ang binabasang teksto sa Filipino ay may kaugnayan sa aking karanasan at kultura. | 3.27 | Katamtaman |
| 4. | **Nagpupunyagi** akong unawain ang mahihirap na tekstong Filipino kapag interesado ako sa paksang binabasa. | 3.75 | Mataas |
| 5. | **Nadarama** kong mas napahuhusay ang aking kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino kapag ako ay may interes sa aking binabasa. | 3.80 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.64** | **Mataas** |

Ang mga datos na natuklasan ukol sa interes sa pagbasa ng mga mag-aaral ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagsasabing ang interes sa pagbasa ay isang mahalagang indikeytor ng literasi at pagkatuto ng wika. Ayon kina Schiefele et al. (2019), ang interes sa pagbasa ay tumutukoy sa likas na kawilihan ng mag-aaral na makibahagi sa gawaing pagbasa, na nagreresulta sa mas malalim na pagpoproseso ng impormasyon at mas positibong karanasan sa pagkatuto. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na interes sa pagbasa ay mas madalas na nakikibahagi sa mga tekstong binabasa at nagpapamalas ng mas mataas na antas ng pag-unawa.

Sa sitwasyon ng pagkatuto ng pangalawang wika tulad ng Filipino, binigyang-diin nina Saito et al. (2018) na ang interes sa pagbasa ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagtupad sa mga gawaing pangwika. Ang kakulangan ng interes ay nagdudulot ng mababang antas ng pakikilahok sa pagbasa, samantalang ang mataas na interes ay nagbubukas ng mas positibong pananaw sa pagharap sa mga hamon ng mga tekstong pang-akademiko, na humahantong sa mas mahusay na kasanayan sa maunawang pagbasa at mas mataas na akademikong pagganap.

Dagdag pa rito, ipinabatid nina Toste et al. (2020) na ang interes sa pagbasa ay may katamtaman hanggang malakas na ugnayan sa pagtupad ng mga layunin sa pagbasa. Ayon sa kanila, ang interes ay hindi lamang pansamantalang damdamin kundi isang mahalagang salik na nag-uugnay sa motibasyon at aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral sa mga gawaing literasi. Ang interes ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kakayahan at aktibong pakikilahok sa pagbasa.

Binigyang-diin din nina Guthrie et al. (2021) na ang interes sa pagbasa ay maaaring malinang sa pamamagitan ng makabuluhan at kontekstuwalisadong estratehiya sa pagtuturo, tulad ng paggamit ng mga tekstong may kaugnayan sa karanasan, kaakuhan, at kultura ng mga mag-aaral. Ang ganitong mga estratehiya ay napatunayang nagpapataas ng interes sa pagbasa at humahantong sa mas matatag at pangmatagalang gawi sa literasi. Kaugnay nito, ipinakita ng ulat ng OECD (2019) na ang interes sa pagbasa ay isa sa mga salik na may makabuluhang kaugnayan sa antas ng literasi ng mga mag-aaral sa pandaigdigang konteksto, lalo na sa mga bansang aktibong nagtataguyod ng kultura ng pagbasa at suportadong kapaligiran sa pagkatuto.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

**Motibasyon sa Pagbasa.** Inilalahad sa Talahanayan 3 ang datos ukol sa saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa *motibasyon sa pagbasa.* Mula sa talahanayan, nabatid na mataas ang kabuoang antas ng saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa ayon sa motibasyon, na may kabuoang mean na (3.43) na may palarawang katumbas na mataas. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral ay madalas na nagpapamalas ng mga katangian ng mahusay na mambabasa, gaya ng kasiglahan, pagpupunyagi, at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pagbasa sa kanilang mga klase o maging ng kanilang takdang aralin.

**Talahanayan 3. Antas ng Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Ayon sa Motibasyon sa Pagbasa**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | **Nadarama ko** ang kasiglahan sa mga gawaing pagbasa kaya aktibo akong nakikilahok sa mga gawain sa klase. | 3.61 | Mataas |
| 2. | **Nag**susumikap ako sa pagbasa ng mga tekstong mahirap unawain lalo na kapag may interes ako sa paksa. | 2.52 | Mababa |
| 3. | **Naghahangad ako** na mapabuti ang aking pag-unawa sa binabasa kaya sinisikap kong tapusin ang mga gawaing pagbasa kahit may kahirapan. | 3.47 | Mataas |
| 4. | **Nakikibahagi ako** nang mas madalas sa mga gawain sa pagbasa kapag may kaugnayan ang teksto sa aking karanasan. | 3.75 | Mataas |
| 5. | **Nagsisikap ako** sa pagbasa ng mga teksto dahil sa personal na kasiyahan at sa hangaring makamit ang inaasahang marka o pagkilala. | 3.82 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.43** | **Mataas** |

Ipinahihiwatig nito na parehong intrinsik at ekstrinsik na motibasyon ang nagsisilbing mahalagang salik sa pagpapanatili ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa. Samantala, tanging ang aytem na tumutukoy sa pagsusumikap sa pagbasa ng mahihirap na teksto kapag may interes sa paksa ang nakapagtala ng *mababa* na antas. Ipinahihiwatig nito na bagaman may positibong saloobin at motibasyon ang mga mag-aaral sa pangkalahatan, nananatili pa ring hamon ang pagpapanatili ng pagpupunyagi sa mas mataas na antas ng kahirapan ng teksto, lalo na kung nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa at estratehikong pagbasa. Pinatutunayan ng resulta na positibo ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa, subalit may partikular na aspekto ang pagharap sa mahihirap na teksto na nangangailangan ng higit na pedagohikal na interbensiyon upang higit na mapalakas ang motibasyon at kasanayan sa pagbasa.

Ang mga natuklasan sa ukol sa motibasyon sa pagbasa ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na kumikilala sa motibasyon sa pagbasa bilang mahalagang salik sa pakikilahok at pagganap ng mga mag-aaral sa mga gawaing panliterasi o pagbasa. Ayon kina Guia et al. (2024), bagaman nagpapamalas ang mga mag-aaral ng iba't ibang anyo ng motibasyon sa pagbasa tulad ng paggiging mapanuri at oryentasyon sa marka, hindi ito awtomatikong nagreresulta sa mataas na antas ng pag-unawa. Ang ganitong resulta ay umaayon sa mababang mean ng isang aytem sa talahanayan, na nagpapakita na ang interes lamang ay hindi sapat upang mapanatili ang pagpupunyagi sa mas mahihirap na teksto.

Sa katulad na konteksto, ipinakita nina Moneba at Lovitos (2024) na kahit mataas ang antas ng motibasyon at positibo ang saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral, nananatiling pabagu-bago ang kanilang kakayahang umunawa. Pinatutunayan nito na ang motibasyon ay nagiging mas mabisa kapag isinasaalang-alang kasabay ng iba pang salik gaya ng estratehiya sa pagbasa at kontekstong pang-edukasyon.

Dagdag pa rito, pinagtibay nina Gulay at Pontillas (2024) ang positibo at makabuluhang ugnayan ng motibasyon at pakikilahok sa pagbasa, kung saan ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon ay mas handang humarap sa mga hamon at aktibong makilahok sa mga gawaing pagbasa. Ang ganitong pahayag ay sumasalamin sa mataas na mean ng karamihan sa mga aytem sa talahanayan, partikular yaong may kaugnayan sa kasiglahan at aktibong pakikilahok. Sa antas naman ng kolehiyo, ipinakita nina Al Roomy (2022) na ang motibasyon sa pagbasa ay may malapit na kaugnayan sa mga kinalabasan ng pag-unawa, bagaman nag-iiba ang lakas nito ayon sa konteksto at kalahok.

Samantala, binigyang-diin nina Han at Ramakrishnan (2024) na ang motibasyon ay nagsisilbing tagapamagitan sa pagitan ng mga estratehikong saloobin at pag-unawa sa binabasa, na nagpapakita ng multidimensiyonal na impluwensiya nito sa proseso ng pagbasa.

**Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagkatuto.** Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang saloobin ng mga mag-aaral sa pagbasa batay sa *kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto*, na may kabuoang mean na (3.79) at may palarawang katumbas na mataas. Batay sa eskala, ipinahihiwatig

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

nito na ang saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa kahalagahan nito sa pagkatuto ay madalas na naipakikita at isinasagawa ng mga mag-aaral, lalo na sa paggamit ng pagbasa bilang kasangkapan sa pagkatuto.

**Talahanayan 4. Antas ng Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral Ayon sa Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagkatuto**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | **Ginagamit** ko ang aking kasanayan sa pagbasa upang mas maunawaan ang mga aralin. | 3.64 | Mataas |
| 2. | **Pinalalawak** ko ang aking kaalaman at talasalitaan sa pamamagitan ng palagiang pagbasa. | 4.13 | Mataas |
| 3. | **Hinahasa** ko ang aking mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-unawa sa mga tekstong aking binabasa. | 3.60 | Mataas |
| 4. | **Inilalapat** ko ang pagbasa bilang mahalagang kasangkapan sa pagkatuto ng mas komplikadong mga konsepto at idea. | 3.77 | Mataas |
| 5. | **Isinasagawa** ko ang palagiang pagbasa upang maging mas handa sa pagkatuto at paggamit ng wika sa makabuluhang paraan. | 3.82 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.79** | **Mataas** |

Ang mga natuklasan sa Talahanayan 4 ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na kumikilala sa pagbasa bilang batayang kasanayan sa mabisang pagkatuto. Ayon kay Ningsih (2019), ang kakayahang bumasa nang may pag-unawa ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging aktibong kalahok sa iba't ibang gawaing pang-akademiko at panlipunan. Ang mataas na mean ng mga aytem sa talahanayan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay aktibong gumagamit ng pagbasa upang mapahusay ang kanilang pagkatuto at pag-unawa.

Dagdag pa rito, ipinakita sa ulat ng Programme for International Student Assessment (PISA) na ang mga mag-aaral na may mataas na kasanayan sa pagbasa ay mas may kakayahang magproseso ng impormasyon, magpahayag ng idea, at magamit ang kaalaman sa makabuluhang paraan (OECD, 2019). Ang resultang ito ay kaayon ng mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga aytem na tumutukoy sa paggamit ng pagbasa sa pag-unawa ng aralin at pagkatuto ng mas komplikadong konsepto.

Pinalawig nina Guthrie at Klauda (2020) ang ganitong pananaw sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na ang pagbasa ay isang proseso ng aktibong pagkatuto na nagsasangkot ng motibasyon, estratehiya, at malalim na pag-unawa. Ang mataas na mean ng mga pahayag na may kaugnayan sa mapanuring pag-iisip at aktibong paggamit ng pagbasa ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay hindi lamang pasibong bumabasa kundi aktibong nagpoproseso ng impormasyon.

Sa konteksto naman ng akademikong pagganap, ipinakita nina Torppa et al. (2020) na ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay may tuwirang kaugnayan sa mababang pagganap sa iba't ibang asignatura. Ang kabaligtarang resulta sa kasalukuyang pag-aaral mataas na antas ng saloobin sa pagbasa ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay mas handa sa pagkatuto sa iba't ibang larangan dahil sa positibong gawi sa pagbasa. Higit pang pinagtibay nina Duke at Cartwright (2021) na ang madalas at makabuluhang pagbasa ay nagpapalawak ng talasalitaan at konseptuwal na pag-unawa, na kritikal sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Sa larangan naman ng ikalawang wika, ipinakita nina Jeon at Yamashita (2019) na ang palagiang pagbasa sa target na wika ay nakatutulong sa pag-unlad ng bokabularyo, gramatika, at pangkalahatang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

***Buod sa Antas ng Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral***

Nailalahad sa Talahanayan 5 ang mga pangkalahatang datos sa antas ng saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang unang indikeytor na *interes ng pagbasa* ay nagtala ng mean rating na (3.64) na may palarawang katumbas na mataas. Ang *motibasyon sa pagbasa*, na ang ikalawang indikeytor ng saloobin ng pagbasa ng mga mag-aaral ay may mean rating na (3.43) o mataas. Naitala rin ang mean rating na (3.79) na katumbas sa mataas para sa ikatlong indikeytor, *kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto.* Ang pangkalahatang mean na natamo para sa *saloobin sa pagbasa* ay (3.62) o mataas. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may positibong saloobin sa pagbasa at ang mga probisyon ukol sa saloobin sa pagbasa ay madalas na naipakikita at isinasagawa ng mga mag-aaral.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 5. Buod sa Antas ng Saloobin sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

| Blg. | Mga Indikeytor | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Interes sa Pagbasa | 3.64 | Mataas |
| 2. | Motibasyon sa Pagbasa | 3.43 | Mataas |
| 3. | Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagkatuto | 3.79 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.62** | **Mataas** |

Ang mga natuklasan ukol sa *saloobin sa pagbasa* ay nauugnay sa mga mga umiiral na literatura na nagsasaad na ang interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa ay bumubuo sa positibong saloobin sa pagbasa. Alinsunod sa balangkas nina Guthrie at Wigfield (2000) na binanggit nina Zheng et al. (2024)**,** ang saloobin sa pagbasa ay maaaring ilarawan sa tatlong pangunahing indikeytor: interes sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, at kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto na pawang nagpakita ng mataas na antas sa kasalukuyang pag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may matibay na pundasyon sa saloobin sa pagbasa na mahalaga sa patuloy na paglinang ng kanilang kasanayang pangwika at akademikong pagganap.

**Akademikong Pagganap Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika**
Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ay naipapakikita sa mga Talahanayan Bilang 6, 7, 8, 9 at 10. Ang bawat aytem ng mga indikeytor ng mga baryabol ay binigyan ng karampatang mga palarawang katumbas batay sa mga natamong mean rating.

**Pakikinig.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ayon sa *pakikinig* ay nailalahad sa Talahanayan 6. Ang pangkalahatang mean ay para sa pakikinig ay (3.87) o mataas.

**Talahanayan 6. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika Ayon sa Pakikinig**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nauunawaan ko ang mahahalagang idea ng aralin kapag nakikinig ako sa paliwanag ng guro. | 4.09 | Mataas |
| 2. | Nasusunod ko nang wasto ang mga panuto sa klase dahil sa maayos kong pakikinig. | 4.20 | Lalong Mataas |
| 3. | Napoproseso ko ang impormasyong pasalita sa talakayan at nagagamit ko ito sa mga gawain sa klase. | 4.30 | Lalong Mataas |
| 4. | Nakatutulong ang aking kasanayan sa pakikinig upang mas maunawaan ko ang mga konsepto sa iba't ibang asignatura. | 3.99 | Mataas |
| 5. | Nakikilahok ako nang makabuluhan sa mga talakayan at gawaing pangkat dahil sa aking kakayahang makinig nang mabuti. | 2.78 | Katamtaman |
| **Kabuoan** | | **3.87** | **Mataas** |

Ang pangkalahatang mean para sa pakikinig ay (3.87) o mataas na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng malinaw na antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa pakikinig. Ang datos ay nagpapakita na pinakamataas ang antas ng pagpoproseso ng impormasyong pasalita at paggamit nito sa mga gawain sa klase, samantalang pinakamababa naman ang aktibong pakikilahok sa talakayan at gawaing pangkat, na ngangaAng mabisang pakikinig ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maproseso ang impormasyong pasalita, makasunod sa mga itinakdang panuto, at makilahok nang makabuluhan sa mga interaksiyon sa loob ng silid-aralan.

Ang natuklasan ay umaalinsunod sa pahayag nina Vandergrift at Goh (2019), na nagsasabing ang mga mag-aaral na may matibay na kasanayan sa pag-unawang pakikinig ay nagpapamalas ng mas mataas na akademikong pagganap dahil mas nauunawaan nila ang mga pahayag ng aralin, talakayan, at mga gawaing kolaboratibo. Gayundin, sinupurtahan ni Siegel (2020) na ang kahusayan sa pakikinig ay makabuluhang pantakda ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga asignaturang may nilalamang wika at agham panlipunan, sapagkat sinusuportahan nito ang paglinang ng talasalitaan at pag-unawang konseptuwal.

Sa kabila ng malinaw na kahalagahan ng pakikinig sa pagkatuto ng wika, sa loob ng mahabang panahon, ito ay naisantabi sa kurikulum at nailagay lamang sa pangalawang antas ng pagtuturo ng wika. Sa pag-usbong ng komunikatibong pagtuturo at pagbibigay-diin sa kahusayan, ang pagtuturo at pagkatuto ng pakikinig ay nagsimulang pagtuunan ng higit na pansin. Gayunpaman, ipinapayo ni Spies et al. (2018) na ang pakikinig ay kinakailangang bigyan ng mas maraming oras at pagkakataon sa klase at sa mga gawaing pantahanan upang higit pang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral.

**Pagsasalita.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ayon sa *pagsasalita* ay nailalahad sa Talahanayan 7.

Ang pangkalahatang mean para sa pagsasalita ay (3.48) o mataas, ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng mahusay na akademikong pagganap at nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa pagsasalita. Bagaman may mga mag-aaral na nakikilahok at gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagsasalita, ang kabuoang antas ay nananatiling mababa, na nangangailangan ng higit pang pagsasanay at suporta mula sa guro.

**Talahanayan 7. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika Ayon sa Pagsasalita**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Naipahahayag ko nang malinaw ang aking mga idea kapag ako ay nagsasalita sa klase. | 2.57 | Mababa |
| 2. | Nakikilahok ako sa mga talakayan o gawaing pasalita kahit ako ay nakararanas ng kakulangan sa kaalaman sa wika. | 4.04 | Mataas |
| 3. | Nakadarama ako ng tiwala sa sarili kapag ako ay nagsasalita o nagbibigay ng presentasyong pasalita sa harap ng klase. | 3.12 | Katamtaman |
| 4. | Nagagamit ko ang iba’t ibang estratehiya sa pagsasalita upang maipahayag ang aking mga kaisipan sa halip na umasa lamang sa pagbasa ng teksto. | 3.95 | Mataas |
| 5. | Natutulungan ako ng mga gawaing pasalita at paggabay ng guro sa pagpapahusay ng aking kasanayan sa pagsasalita. | 3.75 | Mataas |
| **Kabuoan** | | **3.48** | **Mataas** |

Ang mga natuklasan ay ayon sa pahayag ni Burns (2019) na ang kahusayan sa komunikasyong pasalita ay nagpapalakas sa tiwala sa sarili at pakikilahok ng mga mag-aaral, na may positibong epekto sa kanilang partisipasyon sa klase at kinalabasan ng pagtataya. Dagdag pa rito, ipinakikita ni Alrabai (2020) na ang mga mag-aaral na nagtataglay ng matibay na kasanayan sa pagsasalita ay karaniwang mas mahusay ang akademikong pagganap sapagkat nagagawa nilang ipahayag ang kanilang mga kaisipan, magtanong, at makipagnegosasyon ng kahulugan sa mga gawaing kolaboratibo.

Gayunpaman, natuklasan din sa pamamagitan ng mga datos na ang ilang mag-aaral ay nakararanas ng suliranin sa pagsasalita dahil sa hindi sapat na kaalaman sa wika, kawalan ng tiwala sa sarili, at kakulangan sa kaalaman sa mga gawaing pasalita. Madalas nilang binabasa ang teksto upang maipahayag ang kanilang idea at kulang sila sa mga estratehiya sa pagsasalita. Dahil dito, pinaghuhusay ng mga guro ang pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataong mahasa ang husay sa pagsasalita, kasama ang paggabay sa gramatika at mga kasanayang pasalita.

**Pagbasa.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ayon sa *pagbasa* ay nailalahad sa Talahanayan 8.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 8. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aara Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika Ayon sa Pagbasa**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Naiintindihan ko nang malinaw ang mga teksto na aking binabasa maaari ko itong magamit aking pag-aaral. | 2.55 | Mababa |
| 2. | Nagagamit ko ang iba't ibang estratehiya sa pagbasa kaya mas maunawaan at masuri ko ang mga teksto. | 3.10 | Katamtaman |
| 3. | Nakadarama ako ng motibasyon at kawilihan sa pagbasa ng mga aklat o artikulo na may kinalaman sa aking asignatura. | 3.15 | Katamtaman |
| 4. | Natutulungan ako ng aking pamilya at ng aking guro sa pagpapaunlad ng aking kakayahan sa pagbasa. | 3.11 | Katamtaman |
| 5. | Nakakaapekto ang aking kasanayan sa pagbasa sa aking pagkatuto, tulad ng pagsulat at pakikilahok sa mga talakayan sa klase. | 2.88 | Katamtaman |
| **Kabuoan** | | **2.96** | **Katamtaman** |

Ang pangkalahatang mean para sa *pagbasa* ay (2.96) na may palarawang katumbas na katamtaman, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa pagbasa ngunit nangangailangan pa ng karagdagang pagpapaunlad, lalo na sa malinaw na pag-unawa at aplikasyon ng binabasang teksto sa akademikong pag-aaral.

Ayon sa natuklsan ng kasalukuyang pag-aaral, ang kasanayan sa pagbasa ay itinuturing na mahalagang pundasyon ng pagkatuto at akademikong tagumpay. Ayon kina Dreher at Mikulecky (2000) na binanggit nina Lie et al. (2023), ang pagbasa ay hindi lamang mekanikal na proseso ng pagde-decode ng teksto kundi isang masalimuot na kasanayan na kinapapalooban ng pag-unawa, paggamit, pagsusuri, pagninilay, at aktibong pakikilahok sa teksto upang makamit ang personal at akademikong layunin. Ang ganitong pananaw ay sumusuporta sa natuklasan sa pag-aaral na bagama't may katamtamang antas ng motibasyon at kawilihan sa pagbasa ang mga mag-aaral, nananatiling hamon ang malinaw na pag-unawa at aplikasyon ng binabasang teksto sa kanilang pag-aaral.

Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay naaapektuhan ng iba't ibang salik tulad ng paggamit ng estratehiya sa pagbasa, antas ng motibasyon, suporta ng pamilya, at kalidad ng pagtuturo sa paaralan. Ang mga salik na ito ay may tuwirang impluwensiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng mataas na antas ng pag-unawa sa teksto. Ang katamtamang antas ng paggamit ng estratehiya at suportang natatanggap ng mga mag-aaral sa pagbasa, gaya ng ipinakita sa mga aytem sa Talahanayan 8, ay nagpapaliwanag kung bakit nananatiling limitado ang kanilang kakayahang gamitin ang binabasang teksto sa mas mataas na gawaing akademiko.

Sa pagtuturo-pagkatuto, higit na binibigyang-diin ang pagbasa sa mababang antas ng edukasyon kumpara sa sekundarya, kung saan ang mga programang pampagbasa ay unti-unting nababawasan habang umaangat ang antas ng pag-aaral. Ipinakikita ng mga patunay na bagaman mataas ang pangangailangan sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekundaryang antas, mababa naman ang aktuwal na oras at lawak ng kanilang gawain sa pagbasa (Clark et al., 2023). Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magpaliwanag kung bakit mababa ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong kanilang binabasa, sa kabila ng pagkakaroon ng interes at motibasyon.

Mahigpit na inuugnay ng pananaliksik ang pagbasa sa akademikong tagumpay sapagkat ito ang pangunahing daluyan ng pagkuha ng impormasyon sa lahat ng asignatura. Ayon kina Duke at Cartwright (2021), ang mga mag-aaral na may mahusay na kasanayan sa pagbasa ay mas nagtatagumpay sa akademya dahil nagagawa nilang unawain ang masasalimuot na teksto, magsagawa ng kritikal na pagsusuri, at iugnay ang bagong kaalaman sa dating natutuhan. Bukod dito, ang kahusayan sa pagbasa ay may makabuluhang impluwensiya sa iba pang makrong kasanayan, partikular sa pagsulat, sapagkat ang malawak na pagkakalantad sa mga teksto ay nagpapayaman sa talasalitaan, gramatika, at kamalayang diskurso.

**Pagsulat.** Ang mga datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ayon sa *pagsulat* ay nailalahad sa Talahanayan 9. Ang kabuoang mean para sa pagsulat ay (2.98) na may palarawang katumbas na katamtaman.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

Nailalahad sa datos na ang pinakamataas na natamong mean ay sa aytem na tumutukoy sa motibasyon at interes ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Ipinahihiwatig nito na bagama't may katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat ang mga mag-aaral, nagpapakita sila ng positibong saloobin at kahandaang makilahok sa mga gawaing pasulat, na mahalagang salik sa patuloy na paglinang ng kakayahang pampagsulat.

**Talahanayan 9. Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika Ayon sa Pagsulat**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Naipahahayag ko nang malinaw ang aking mga kaisipan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga sanaysay, ulat, o iba pang pasulat na gawain. | 2.41 | Mababa |
| 2. | Nakaaayos ako ng mga pangungusap at nakabubuo ng magkakaugnay at lohikal na talata sa aking mga sulatin. | 2.91 | Katamtaman |
| 3. | Nagagamit ko nang tama ang gramatika, bokabularyo, at iba pang mekaniks ng pagsulat sa aking mga gawaing pasaliksik o akademikong sulatin. | 3.12 | Katamtaman |
| 4. | Nakadarama ako ng motibasyon at interes na aktibong makilahok sa proseso ng pagsulat at pagpapabuti ng aking kakayahan. | 3.25 | Katamtaman |
| 5. | Natutulungan ako ng mga estratehiya sa pagtuturo at paggabay ng guro na mapaunlad ang aking kakayahan sa pagsulat at mapalalim ang aking pag-unawa. | 3.22 | Katamtaman |
| **Kabuoan** | | **2.98** | **Katamtaman** |

Sa kabilang banda, ang pinakamababang natamong mean ay sa aytem na may kinalaman sa malinaw na pagpapahayag ng kaisipan sa pamamagitan ng pagsulat. Ipinababatid nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa organisasyon at malinaw na pagpapahayag ng idea sa pasulat na anyo, na maaaring maiugnay sa kakulangan sa kasanayan sa estruktura ng sulatin, talasalitaan, at mekaniks ng pagsulat.

Ipinahahayag nina Graham et al. (2020) na ang kahusayan sa pagsulat ay isang matibay na indikeytor ng akademikong tagumpay dahil karamihan sa mga pagtataya sa paaralan ay nangangailangan sa mga mag-aaral na ipakita ang kanilang pag-unawa sa pamamagitan ng mga pasulat na awtput gaya ng sanaysay, ulat, at pagsusulit. Ang pananaw na ito ay sumusuporta sa natuklasan ng pag-aaral na bagama't may katamtamang antas ng motibasyon at interes sa pagsulat ang mga mag-aaral, nananatiling hamon ang malinaw at organisadong pagpapahayag ng kaisipan sa pasulat na anyo**.**

Dagdag pa rito, binibigyang-diin ni Hyland (2019) na ang pagsulat ay hindi lamang produkto kundi isang proseso ng pagkatuto na nagpapalalim sa masalimuot na prosesong pangkaisipan tulad ng pagsusuri, pagbubuo, at pagninilay. Ang ganitong pananaw ay nagpapaliwanag kung bakit mahalagang paigtingin ang paggabay ng guro at paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo upang mapabuti ang aktuwal na kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, gaya ng ipinakita sa katamtamang antas ng mean sa mga aytem na may kaugnayan sa estratehiya at paggabay ng guro.

Samantala, sinusuportahan ng pananaliksik nina Siregar et al. (2022) ang natuklasan na maraming mag-aaral ang patuloy na nahihirapan sa pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan sa pagsulat. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang kakulangan sa kakayahang mag-ayos ng pangungusap, bumuo ng magkakaugnay na talata, at gumamit ng wastong gramatika at talasalitaan ay nagiging hadlang sa malinaw na komunikasyon sa pagsulat. Ang mga kahinaang ito ay may tuwirang epekto sa akademikong pagganap at maaaring magpababa ng motibasyon ng mga mag-aaral na aktibong makilahok sa proseso ng pagsulat, isang kalagayang sumasalamin sa mababang mean na natamo sa malinaw na pagpapahayag ng ideya sa pagsulat.

Pinatutunayan ng mga naunang pag-aaral ang mga natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik na bagama't may katamtamang antas ng motibasyon at suporta sa pagsulat**,** kinakailangan pang paigtingin ang sistematikong pagtuturo, estratehiya, at paggabay upang mapaunlad ang malinaw, lohikal, at magkakaugnay na pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika.

***Buod sa Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika***

Ang mga buod na datos na naglalarawan sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral ukol sa Filipino bilang pangalawang wika ay nailalahad sa Talahanayan 10. Ang sumusunod ay ang mga indikeytor na naglalahad ng malinaw na pagkakaiba-iba sa antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika ayon sa apat na kasanayang pangwika. Ang *pakikinig* ay nagtala ng mean na (3.87) o mataas. Ito ay nagsasabi na ang mga mag-aaral ay ay nagpapamalas ng mahusay na akademikong pagganap, na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa pakikinig. Sa isa pang pagsusuri sa ibang indikeytor, ang *pagsasalita* ay nagtala ng mean na (3.48) o mataas. Ang pigurang ito ay nagsasabi ng mahusay na akademikong pagganap, na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa pagsasalita.

Sa kabilang banda, ang *pagbasa* bilang indikeytor ng akademikong pagganap ay nagtala ng mean na (2.96) o katamtaman. Ang pigurang ito ukol sa pagbasa ay naglalahad na ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng katamtamang antas ng akademikong pagganap, na nagpapakita ng sapat na kaalaman at kasanayan ngunit nangangailangan pa ng karagdagang pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa.

Sa huli, ang *pagsulat*, bilang indikeytor ng akadamikong pagganap ay nagtala ng mean na (3.48) o katamtaman. Ang pigurang ito ukol sa pagsulat ay naglalahad na ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng katamtamang antas ng akademikong pagganap, na nagpapakita ng sapat na kaalaman at kasanayan ngunit nangangailangan pa ng karagdagang pagpapaunlad sa kasanayan sa pagsulat.

Bagaman, nasa mga antas mataas at katamtaman ang mga natamong mean ng mga kasanayan, ang apat na mean ay natgamo ng pangkalahatang mean na (3.45) o mataas. Ito ay nagsasabi na ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng mahusay na akademikong pagganap, na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa antas ng kaalaman, kasanayan, at pag-unawa sa sa mga kasanayan.

**Talahanayan 10. Buod sa Antas ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pakikinig | 3.87 | Mataas |
| 2. | Pagsasalita | 3.48 | Mataas |
| 3. | Pagbasa | 2.96 | Katamtaman |
| 4. | Pagsulat | 3.48 | Katamtaman |
| **Kabuoan** | | **3.45** | **Mataas** |

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika ay itinuturing na isang multidimensiyonal na kaisipan na nakabatay sa pinagsanib na paglinang ng apat na makrong kasanayang pangwika: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Ayon kay Graham (2019), ang magkakaugnay na kasanayang ito ay nagsisilbing batayan ng pagkatuto sapagkat sa pamamagitan ng mga ito ay naipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa, kakayahang makipagtalastasan, at akademikong kakayahan sa iba't ibang gawain sa klase.

**Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng Saloobin sa Pagbasa at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral**

Namamalas sa Talahanayan Bilang 11 ang datos ng makabuluhang ugnayan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Gamit ang *Pearson-r,* lumabas ang tinuos na *r*-value na (0.788) nang suriin ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ang nasabing *value* ay nagpapakita ng mataas na digri ng ugnayan at malakas na korelasyon. Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan sapagkat ang *p*-value na 0.00 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. ($p$=0.00 < 0.05). Ang *null hipotesis* na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ukol sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika ay tinanggihan. Ang kinalabasan ay pumapanig sa *alternative hypothesis* na may makabuluhang ugnayan ang saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ukol sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang-wika.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 11. Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng Saloobin sa Pagbasa at Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika**

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | *p*-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| **(X)** Saloobin sa Pagbasa | 0.788MK | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |
| **(Y)** Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Ukol sa Filipino Bilang Pangalawang Wika | | | | |

***MK**- Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan*

Ang natuklasan ay sinusuportahan ng pahayag nina Caparos at Napil (2024), na ang mataas na antas ng saloobin sa pagbasa ay may positibong kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang saloobin sa pagbasa ay kumikilos bilang pangunahing baryabol na nag-uugnay sa motibasyon at akademikong pagganap, partikular sa mga mag-aaral na gumagamit ng Filipino bilang pangalawang wika. Ang ganitong natuklasan ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita ng mataas at makabuluhang korelasyon sa pagitan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap.

Sa larangang akademiko, ipinakita rin sa pag-aaral ni Hasan (2023) na ang positibong saloobin tungo sa pagbasa ay may makabuluhang ugnayan sa mga markang akademiko ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral na may kanais-nais na pananaw sa pagbasa ay mas aktibong nakikilahok sa mga gawaing akademiko, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng kabuoang pagganap.

Dagdag pa rito, maraming empirikal na pag-aaral ang nag-uugnay sa saloobin sa pagbasa at maunawang pagbasa, na itinuturing na mahalagang pantakda ng akademikong tagumpay. Halimbawa, natuklasan nina Adora et al. (2024) at ng kanyang mga kasamahan na may malakas na positibong korelasyon sa pagitan ng saloobin sa pagbasa at kakayahang bumasa ng mga mag-aaral. Katulad din nito, ipinahayag nina Ferlyanti et al. (2024) na ang positibong saloobin sa pagbasa ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa, na may tuwirang impluwensiya sa pagkatuto ng wika at akademikong pagganap.

Gayunpaman, may ilang pag-aaral na nagpapakita ng mas masalimuot na ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Halimbawa, natuklasan nina Moneba at Lovitos (2024) na walang makabuluhang korelasyon sa pagitan ng saloobin sa pagbasa at maunawang pagbasa sa kanilang konteksto ng pag-aaral. Ang ganitong resulta ay nagpapahiwatig na ang saloobin sa pagbasa lamang ay hindi palaging sapat upang ipaliwanag ang akademikong pagganap kung hindi isasaalang-alang ang iba pang namamagitang salik tulad ng motibasyon, estratehiya sa pagbasa, at gawi sa pag-aaral. Sa halip, binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng interaksiyon ng iba't ibang salik sa paghubog ng akademikong kinalabasan ng mga mag-aaral.

Sa lokal na konteksto ng pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika, ang pag-aaral nina Caparos at Napil (2024) ay may natatanging ambag sapagkat nagbigay ito ng empirikal na katibayan hinggil sa positibong ugnayan ng saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap sa Filipino. Ang kanilang pananaliksik ay tumutugon sa kakulangan ng mga pag-aaral na nakatuon sa Filipino bilang pangalawang wika, lalo na kung ihahambing sa dami ng pananaliksik sa asignaturang English.

Sa teoretikal na aspekto, ang pag-aaral ay nakaangkla sa Theory of Reading Attitude nina McKenna et al. (2018) at Self-Determination Theory (SDT) nina Ryan at Deci, (2020); Guthrie at Klauda (2020 at Toste et a (2020). Ipinakikita ng mga teoryang ito na ang positibo o negatibong saloobin sa pagbasa at mataas na motibasyon ay nakaaapekto sa antas ng pag-unawa at aktibong pakikilahok ng mag-aaral, na siya ring nagpapataas ng akademikong pagganap. Batay sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral, napatunayan ang mga teoryang ito: ang mataas na saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral ay may makabuluhang positibong ugnayan sa kanilang akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

**Mga Indikeytor ng Saloobin sa Pagbasa na may Makabuluhang Impluwensiya sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Filipino Bilang Pangalawang Wika**

Nailalahad sa Talahanayan 12 ang mga datos ukol sa mga indikeytor ng saloobin sa pagbasa na may makabuluhang impluwensiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika. Batay sa mga datos, ang tatlong domeyn o indikeytor ng saloobin sa pagbasa: interes sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto ay napatunayang may makabuluhang impluwensiya sa akademikong pagganap ng mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Napatunayang ang mga nabanggit na indikeytor ay may impluwensiya sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pasulat na mga kasanayan ng mga mag-aaral. Nakikita sa talahanayan na ang mga antas ng kalahagahan ay mababa sa 0.05 (sig. value < 0.05). Ang hipotesis na nagsasabing walang indikeytor ng saloobin sa pagbasa ang may makabuluhang impluwensiya sa akademikong pagganap ukol sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika ay tinanggihan. Ang mga indikeytor na nabanggit ay pawang natagpuang may makabuluhang impluwensiya sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino bilang pangalawang wika.

**Talahanayan 12. Mga Indikeytor ng Kasanayang Pang-komunikasyon ng mga Guro na may Makabuluhang Impluwensiya sa Pagganyak ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Filipino**

| Indicators | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | *t*-ratio | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | Std. Error | Beta | | |
| *Constant* | 78.850 | 55.238 | | 1.427 | 0.038 |
| Interes sa Pagbasa | 11.385 | 12.197 | 1.631 | .933 | 0.042 |
| Motibasyon sa Pagbasa | 7.697 | 5.612 | -2.581 | -1.372 | 0.040 |
| Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagkatuto | 24.025 | 20.175 | -3.194 | -1.191 | 0.044 |

Suportado ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral ng Theory of Reading Attitude nina McKenna et al. (2018), na nagpapahayag na ang saloobin sa pagbasa ay hinuhubog ng pansariling karanasan, panlipunang impluwensiya, at akademikong kapaligiran. Ayon sa teoryang ito, ang positibo o negatibong saloobin ay may tuwirang implikasyon sa dalas ng pagbasa, antas ng pag-unawa, at akademikong pagganap. Malinaw na nakikita ang na ang mga intedikeytor ito: interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa ay may impluwensiya sa akademikong pagganap.

Dagdag pa rito, sinusuportahan ng Self-Determination Theory (SDT) nina Ryan at Deci, na pinalawak nina Guthrie at Klauda (2020) at Toste et al. (2020), ang kahalagahan ng intrinsik at ekstrinsik na motibasyon sa pagbasa. Ipinakikita ng teoryang ito na ang mataas na interes at panloob na motibasyon ay nagiging sanhi ng aktibong pakikilahok sa mga gawaing pagbasa at mas makabuluhang pagkatuto, na nagreresulta sa positibong akademikong kinalabasan.

**Kontekstuwalisadong Palatuntunan sa Pagbasa**

Ang pagbasa ay batayang kasanayan sa pagkatuto ng wika. Ito ay nagsisilbing susi sa paglinang ng kaalaman, kritikal na pag-iisip, at akademikong tagumpay ng bawat isang mag-aaral. Gayunpaman, batay sa mga resulta ng pag-aaral hinggil sa saloobin sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika, natuklasan na bagaman may kakayahan ang mga mag-aaral sa ilang kasanayang pangwika, nananatiling hamon ang pagpapaunlad ng kanilang interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa. Ang kakulangan sa positibong saloobin sa pagbasa ay napatunayang may tuwirang impluwensiya sa kanilang akademikong pagganap sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Dahil dito, binuo ang kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagpapaunlad ng saloobin sa pagbasa bilang isang sistematiko at integratibong interbensyon na naglalayong palakasin ang saloobin sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabuluhan, masaya, at interaktibong mga gawain. Nilalayon ng programa na hindi lamang paunlarin ang kasanayan sa pagbasa kundi higit pang hubugin ang motibasyon at kamalayang pang-akademiko ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagbasa bilang pundasyon ng pagkatuto sa Filipino bilang pangalawang wika at sa iba pang asignatura o larang. Sa pamamagitan nito, inaasahang mapauunlad ang kanilang kabuuang akademikong pagganap at magiging mas handa sila sa mas mataas na hamon ng pagkatuto.

**Layunin ng Programa sa Paglinang ng Saloobin sa Pagbasa**

1. Palakasin ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa sa Filipino bilang pangalawang wika sa pamamagitan ng pagkakaloob ng masaya, interaktibo, at makabuluhang gawain.
2. Paigtingin ang motibasyon sa pagbasa sa pamamagitan ng pagkilala sa mga nagtatagumpay at pagbibigay ng pagkakataon sa sariling pagpili ng mga babasahin.
3. Ipakita ang kahalagahan ng pagbasa sa pagkatuto sa iba't ibang asignatura.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

4. Mapabuti ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa apat na makrong kasanayang pangwika: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

*Target na Makikinabang sa Programa*

Ang makikinabang sa programang ito ay ang lahat ng mga regular na mag-aaral sa **Ika-7 Baitang** ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Davao. Kasali rin dito ang mga mag-aaral na nasa programang *Alternative Learning System* at *Alternative Delivery Mode* (ADM).

**Talahanayan ng Pagpapatupad ng mga Gawain sa Programa**

| Mga Indikeytor | Mga Interbensiyon | Deskripsiyon o Paglalarawan |
|---|---|---|
| Interes sa Pagbasa | Babasahin Ko! | Bawat mag-aaral ay pipili ng babasahin ayon sa kanilang interes o hilig (mga nobela, pahayagan, magasin, maikling kuwento, artikulo, tula). |
| | Book Club at Reading Circles | Bawat linggo, ang mga mag-aaral ay magbabahagi ng kanilang natutunan mula sa binasang teksto. |
| | Mga Istasyon sa Pagbasa | Mga istasyon ng pagbasa na may iba't ibang genre, digital at print resources, at visual aids upang gawing mas nakaka-engganyo ang karanasan sa pagbasa. |
| Motibasyon sa Pagbasa | **Pagbasa at Pagkilala** | Magbigay ng premyo o pagkilala sa mga mag-aaral na nakatapos ng tiyak na bilang ng babasahin o nakabuo ng malikhaing awtput (buod, poster, video presentation). |
| | **Pagbahagi ng mga Natutuhan** | Magbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkuwento ng kanilang natutuhan sa klase. |
| | **Gawaing Pagbasa sa Pamamagitan ng Laro** | Gamitin ang mga quizzes, puzzles, at interactive platforms (kahoot, quizizz) upang gawing mas masaya at nakaka-engganyo ang pagbasa. |
| Kahalagahan ng Pagbasa sa Pagkatuto | **Pagsasanib sa Iba't Ibang Asignatura** | Pagbabasa ng materyal na may kaugnayan sa agham, kasaysayan, at iba pang asignatura. |
| | **Pagsulat ng Dyornal** | Magtala ng natutuhan mula sa binasa at kung paano ito magagamit sa pang-araw-araw na buhay o akademikong gawain. |
| | **Pinapatnubayang Talakayan** | Talakayan pagkatapos ng pagbasa upang ipakita ang kaugnayan ng teksto sa mga konsepto sa klase. |

**Nakikita sa talahanayan sa naunang pahina ang mga nakatakdang gawain para sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang saloobin sa pagbasa. Inaasahang makatutulong ito sa pagpapatingkad ng saloobin tungo sa maunawang pagbasa.**

***Pagmamasid at Pagtataya sa Implementasyon***

Ang pagmamasid at pagtataya sa bisa ng implementasyon ng kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa ay isinasagawa sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan upang masuri ang pagbabago sa kasanayan, saloobin, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa simula at katapusan ng programa, isinasagawa ang *pre- at post-assessment* upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagbasa, gayundin ang antas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, natutukoy ang antas ng pag-unlad na dulot ng mga isinagawang mga interbensyon.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

Bukod dito, ginagamit ang rubrics sa partisipasyon at mga awtput upang masukat ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing tulad ng Book Clubs, Reading Circles, at mga mapagnilay na gawain. Ang mga rubrik na ito ay nagsisilbing gabay sa obhetibong pagtataya ng uri ng kanilang pakikilahok at lalim ng pag-unawa sa binasang teksto.
Isinasagawa rin ang nakagawiang pagmamanman sa reading logs ng mga mag-aaral kung saan itinatala ang mga tekstong kanilang binabasa at ang mga natutuhang kaalaman mula rito. Ang gawaing ito ay nagbibigay-daan sa mga guro na masubaybayan ang tuloy-tuloy na pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagbasa at ang antas ng kanilang pakikipag-ugnayan sa mga babasahin.

Sa huli, isinasama ang *feedback mechanism* sa pamamagitan ng paunang panayam, sarbey, at pangkatang talakayan upang makuha ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa programa. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, natutukoy ang pagbabago sa kanilang saloobin, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa bilang mahalagang kasangkapan sa pagkatuto, na nagsisilbing batayan sa patuloy na pagpapabuti ng programa.
*Inaasahang Awtput*

Sa pagpapatupad ng kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa, inaasahang magdudulot ito ng mahahalagang positibong pagbabago sa saloobin at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Una, inaasahan ang pagtaas ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa na makikita sa kanilang mas aktibo at masigasig na pakikilahok sa iba't ibang gawaing pangklasrum. Ang paglinang ng interes sa pagbasa ay inaasahang magsisilbing batayan sa mas makabuluhang pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan.Ikalawa, inaasahang mapabubuti ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, kapuwa sa aspektong intrinsik at ekstrinsik. Sa pamamagitan ng mga kawili-wili at makabuluhang gawaing pampagbasa, inaasahang mahihikayat ang mga mag-aaral na magbasa hindi lamang dahil sa panlabas na gantimpala o pagkilala kundi dahil sa kanilang sariling kawilihan at pagnanais na matuto.

## IV. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

**Konklusyon**

Batay sa isinagawang pag-aaral, natukoy na ang mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Davao ay nagpapamalas ng positibong saloobin sa pagbasa. Malinaw na nakikita sa kanila ang interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa bilang mahalagang bahagi ng kanilang pagkatuto. Ang positibong saloobing ito ay may makabuluhang impluwensiya sa kanilang akademikong pagganap sa Filipino bilang pangalawang wika. Sa katiyakan, mahusay ang mga mag-aaral sa pakikinig at pagsasalita, na nagpapakita ng kakayahang maunawaan at maipahayag ang kaalaman sa pamamagitan ng pasalitang pakikipagtalastasan. Bagaman, ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat ay naitalang nasa katamtamang antas, na nagmumungkahi ng pangangailangan ng karagdagang suporta at estratehiya upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa dalawang aspetong ito.

Sa katiyakan, ang Theory of Reading Attitude nina McKenna et al. (2018) ay nagpapatunay sa mga kinalabasan, sapagkat ipinakikita nito na ang saloobin sa pagbasa ay hinubog ng pansariling karanasan, panlipunang impluwensiya, at akademikong kapaligiran ay may tuwirang impluwensiya sa dalas ng pagbasa, antas ng pag-unawa, at akademikong pagganap. Sa pamamagitan ng tatlong pangunahing indikeytor ng saloobin sa pagbasa: interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa, natukoy kung paano nakakaapekto ang disposisyon ng mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap.

Dagdag pa rito, sinusuportahan din ng Self-Determination Theory (SDT) nina Ryan at Deci, na pinalawak nina Guthrie at Klauda (2020) at Toste et al. (2020), ang kinalabasan ng pag-aaral. Ayon sa teoryang ito, ang intrinsik at ekstrinsik na motibasyon sa pagbasa ay mahalagang salik sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga akademikong gawain. Kapag mataas ang interes at panloob na motibasyon ng mag-aaral, mas nagiging makabuluhan ang kanilang pagkatuto at tumataas ang posibilidad ng positibong akademikong kinalabasan. Ang parehong teorya ay nagpapatibay na ang positibong saloobin sa pagbasa ay hindi lamang nagpapadaloy ng aktibong paglahok sa mga gawaing pang-akademiko kundi nagiging pangunahing pantakda rin ng tagumpay sa akademikong pagganap, partikular sa paggamit ng Filipino bilang pangalawang wika. Ito rin ay nagpapahiwatig na ang mga programa na nakatuon sa pagpapalakas ng interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa ay makatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa apat na kasanayang pangwika: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga nabuong konklusyon ng pag-aaral, inihahain ng mananaliksik ang ilang hakbang upang higit na mapaunlad ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika. Una, para sa mga mag-aaral, mahalagang hikayatin ang mas aktibong paglahok sa mga gawaing pang-akademiko. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng palagiang pagbasa ng mga aklat, sanaysay, artikulo, at paggamit ng *reading logs* upang masubaybayan ang kanilang pag-unlad at mas mapaigting ang interes at motibasyon sa pagbasa para sa kahalagahan nito sa pagkatuto.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 3 | March 2026 - Peer Reviewed Journal

Pangalawa, para sa mga guro, inirerekomenda ang pagpapatupad ng estratehiya at programang nakasentro sa interes, motibasyon, at pagpapahalaga sa pagbasa. Sa ganitong paraan, mas higit na mapauunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa apat na makro kasanayan lalo na pagbasa at pagsulat. Mahalaga ring isama ang mga gawain para sa kolaboratibong pagkatuto at malikhaing pagbasa upang maging mas makabuluhan at kawili-wili ang proseso ng pagkatuto.

Para sa nangangasiwa sa mga paaralan, kinakailangan ang suporta sa mga programa sa pagbasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na kagamitan, aklatan, at teknolohiya. Ang mga ito ay magsisilbing pundasyon upang mapalakas ang kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral, pati na rin ang kanilang pangkalahatang pagganap sa akademiko.

Inirerekomenda rin ng mananaliksik, ang pagsasagawa ng karagdagang pag-aaral hinggil sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino bilang pangalawang wika. Kabilang dito ang epekto ng paggamit ng teknolohiya sa pagbasa, iba't ibang dulog.

Bilang awtput ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik na ipatupad ang kontekstuwalisadong palatuntunan sa pagbasa. Sisimulan ito sa isang oryentasyon ng mga guro upang maging maayos ang pagpapatupad. Kailangan ng pidbak sa pagpapatupad nito upang marebisa ang nilalaman at maiangkop pa lalo sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Adora, R. M., Aguilar, J. P., Arsua, E., Asis, M. A. S., Pereja, M. I. E., Reyes, J. M., & Tolentino, J. C. P. (2024). Reading comprehension and students' academic performance in English. International Journal of Science and Research Archive, 11(2), 1240–1247. https://doi.org/10.30574/ijsra.2024.11.2.0523.*
2. *Akhmetova, A., Imambayeva, G., & Csapó, B. (2022). A study of reading attitude and reading achievement among young learners in middle school. Heliyon, 8(7), e09946. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2022.e09946.*
3. *Alrabai, F. (2020). Exploring the effects of communication competence on learners' academic achievement. System, 92, 102268. https://doi.org/10.1016/j.system.2020.102268.*
4. *Al Roomy, M. A. (2022). Investigating the Effects of Critical Reading Skills on Students' Reading Comprehension. Arab World English Journal, 13(1), 366-381.*
5. *Arguido, L. M., Felisilda, E. I., & Escarlos, G. S. (2024). Vygotsky's sociocultural theory: Elevating reading comprehension in elementary learners through the ARAL program and its implications for administration and governance in contemporary education. International Journal of Research Studies in Social Science, 9(10), 7991–7998.*
6. *Burns, A. (2019). Concepts for teaching speaking in the English language classroom. LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network, 12(1), 1–11.*
7. *Caparos, P. J. T., & Napil, M. C. (2024). Mediating effect of reading attitude on the relationship between motivation and academic performance among students in the Filipino subject. Journal of Natural Language and Linguistics, 2(1), 213–220. https://doi.org/10.54536/jnll.v2i1.3849*
8. *Clark, C., Picton, I., & Ricketts, J. (2023). Reading in secondary students: What do we know? National Literacy Trust.*
9. *Concepcion Rubas, R. E. J. (2024). Reading attitudes, interests, habits, and material preferences of junior high school learners towards the development of strategic intervention materials. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 8(03), 4623–4637. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2024.803337*
10. *Department of Education (2022). National Literacy Award.*
11. *Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: Communicating advances beyond the simple view of reading. Reading Research Quarterly, 56(S1), S25–S44. https://doi.org/10.1002/rrq.411*
12. *Ferlyanti, R. N., Amalia, S., & Amalia, H. (2024). The correlation between reading attitude and reading comprehension achievement. Didascein: Journal of English Education, 5(2).*
13. *Fraenkel, J. R., Wallen, N. E., & Hyun, H. H. (2019). How to design and evaluate education research (10th ed.). McGraw-Hill Education.*
14. *Gelling, L. (2021). Informed consent: Essential but not sufficient. Nursing Standard, 36(1), 67–70.*
15. *Graham, S. (2019). Changing how writing is taught. Review of Research in Education, 43(1), 277–303. https://doi.org/10.3102/0091732X18821125*
16. *Graham, S., Harris, K. R., & Santangelo, T. (2020). Research-based writing practices and the common core. Focus on Exceptional Children, 52(2), 1–16.*
17. *Guia, J. V., Juliane, S. M., & Canoy, F. T. (2024). Reading motivation and reading comprehension of senior high school learners: A descriptive-correlational approach. Asian Journal of Education and Social Studies, 50(7), 505–517.*
18. *Gulay, S. M. E., & Pontillas, P. V. (2024). Reading motivation and engagement among Grade IV learners of Opol West District Schools. International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis, 7(08). https://doi.org/10.47191/ijmra/v7-i08-40*
19. *Guthrie, J. T., & Klauda, S. L. (2020). Reading engagement and motivation: Bridging research and classroom practice. Theory Into Practice, 59(4), 310–320.*

20. *Guthrie, J. T., & Wigfield, A. (2000). Engagement and motivation in reading. In M. L. Kamil et al. (Eds.), Handbook of Reading Research. Lawrence Erlbaum Associates.*
21. *Guthrie, J. T., Klauda, S. L., & Ho, A. N. (2021). Modeling the relationships among reading instruction, motivation, engagement, and achievement. Reading Research Quarterly, 56(1), 1–24. https://doi.org/10.1002/rrq.346*
22. *Han, Z., & Ramakrishnan, K. M. (2024). A study on socio-affective strategies, reading motivation and reading comprehension of Chinese EFL undergraduates. Asia Pacific Journal of Business, Humanities and Education, 9(1).*
23. *Hasan, M. O. M. (2023). The relationship between reading attitude and student grade point average. Arab World English Journal.*
24. *Hyland, K. (2019). Second language writing (3rd ed.). Cambridge University Press.*
25. *Jeon, E. H., & Yamashita, J. (2019). The role of reading in second language learning: A meta-analysis. System, 82, 1–14.*
26. *Kim, Y.-S. G., & Pilcher, H. (2018). What is listening comprehension and how does it relate to reading comprehension? Reading Research Quarterly, 53(4), 371–384. https://doi.org/10.1002/rrq.215.*
27. *Liu, H., Chen, X., & Liu, X. (2022). Factors influencing secondary school students' reading literacy. Frontiers in Psychology, 13, 948612.*
28. *McKenna, M. C., Kear, D. J., & Ellsworth, R. A. (1995). Children's attitudes toward reading: A national survey. Reading Research Quarterly, 30(4), 934–956. https://doi.org/10.2307/748205.*
29. *Moneba, A. N., & Lovitos, A. H. R. (2024). Reading attitude and learning motivation as predictors of reading comprehension. Asian Journal of Education and Social Studies, 50(4), 185–199.*
30. *Montaño, J. X., & Cancino, M. (2020). Exploring the relationship between language learning strategies and self-efficacy of Chilean university EFL students. Andrés Bello University.*
31. *Ningsih, Y. (2019). The use of cooperative learning model think pair share in mathematics learning. Journal of Physics: Conference Series, 1387(1), 012144. https://doi.org/10.1088/1742-6596/1387/1/012144.*
32. *Noor, S., Tajik, O., & Golzar, J. (2022, December). Simple random sampling. International Journal of English Language Studies (IJELS).*
33. *OECD. (2019). PISA 2018 results (Volume I): What students know and can do. OECD Publishing.*
34. *Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. Contemporary Educational Psychology, 61, Article 101860. https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860*
35. *Saito, Y., Dewaele, J.-M., Abe, M., & In'nami, Y. (2018). Motivation, emotion, and reading proficiency in a second language. Language Learning, 68(4), 1–31.*
36. *Schiefele, U., Schaffner, E., Möller, J., & Wigfield, A. (2019). Dimensions of reading motivation and their relation to reading behavior. Reading Research Quarterly, 54(3), 297–316.*
37. *Siegel, J. (2020). Teaching listening: Skills and strategies for effective instruction. Cambridge University Press.*
38. *Siregar, S. P. E., Sari, F., Sudjoko, S., & Yundayani, A. (2022). Dealing with English writing skills: Through the eyes of vocational students. Eureka Journal of Educational Research, 1(1), 18–28. https://doi.org/10.56773/ejer.v1i1.3.*
39. *Spies, T. G., Lara-Alecio, R., Tong, F., Irby, B. J., Garza, T., & Huerta, M. (2018). The effects of developing English language and literacy on Spanish reading comprehension. The Journal of Educational Research, 111(5), 517–529.*
40. *Torppa, M., Eklund, K., van Bergen, E., & Lyytinen, H. (2020). Parental literacy predicts children's reading development. Journal of Educational Psychology, 112(5), 1011–1025.*
41. *Toste, J. R., Didion, L., McClelland, A. M., & et al. (2020). A meta-analytic review of the relations between motivation and reading achievement for K–12 students. Review of Educational Research, 90(3). https://doi.org/10.3102/003465432091935.*
42. *Weiss, M., Nair, L. B., Hoorani, B. H., Gibbert, M., & Hoegl, M. (2023). Transparency of reporting practices in quantitative field studies: The transparency sweet spot for article citations. Journal of Informetrics, 17(2), Article 101396.*
43. *Vandergrift, L., & Goh, C. C. M. (2019). Teaching and learning second language listening (2nd ed.). Routledge.*
44. *Zheng, J., Dass, L. C., & Noor, M. M. (2024). An ecological understanding of L2 reading motivation. Forum for Linguistic Studies, 6(6), 503–515.*